



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan laban sa Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya

Ang karahasan sa tahanan at sa pamilya ay hindi namimili at nangyayari sa bawat kanugnog (suburb) ng New South Wales. Nakakaapekto ito sa mga taong iba iba ang kasarian, lahat ng edad at kultura at nagiging sanhi ng hindi masusukat na pinsala sa ating mga relasyon at komunidad.

Ang Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya ay dahilan ng humigit-kumulang sa 40% ng mga pagpatay (homicides). Ang Pulisya ng New South Wales ay nakatuon sa pagbabawas ng karahasan sa tahanan at sa pamilya sa ating mga komunidad, ngunit kailangan namin ang inyong tulong.

Narito ang ilang simpleng tip na maaaring gawin nating **lahat** upang maprotektahan ang ating pamilya at mga kaibigan laban sa mga epekto ng ganitong uri ng krimen.

Protektahan ang iyong sarili laban sa Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya

- **LAGING** tumawag sa Tatluhang Zero 000 kung nangangamba ka sa iyong kaligtasan o kung ikaw ay inatake.
- **TURUAN** ang iyong sarili tungkol sa mga dinamiko ng Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya. Alamin kung paano ka matutulungan ng Pulisya. www.police.nsw.gov.au/ (*DFV koda ng pagsasanay*)
- **LAGING** maging mapagmatyag kung ikaw ay biktima o naging biktima ng Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya. Lawakan ang iyong kaalaman tungkol sa mga pag-uugaling itinuturing na paniniktik (stalking). www.police.nsw.gov.au/ (*ano ang paniniktik*)

Protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan laban sa Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya

- **HUWAG** maging tagamasid lamang- kung may mapansin kang anumang uri ng nangyayaring karahasan sa tahanan, tumawag sa Tatluhang Zero (000) kaagad.
- **HIKAYATIN** ang sinumang kilala mo na dumaranas ng karahasan sa tahanan na makipag-ugnayan sa kanilang Domestic Violence Liaison Officer sa kanilang lokal na himpilan ng pulisya.

Protektahan ang iyong mga mahal sa buhay laban sa Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya

- **AKUIN ANG RESPONSABILIDAD** para sa iyong marahas o mapang-abusong pag-uugali. Makipag-ugnayan sa Men's Referral Service sa 1300 766 491 para sa impormasyon at mga pagsangguni.
- **HUWAG** patuloy na makipag-ugnayan, manggipit at sundan ang taong minsan mong nakarelasyon, ito ay isang paniniktik at ito ay isang krimen.
- **HANAPIN** ang karagdagang tulong kung ikaw ay isang biktima ng karahasan sa tahanan sa pamamagitan ng pagtawag sa Domestic Violence Line sa 1800 65 64 63.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya, mangyaring tingnan ang [www.police.nsw.gov.au/Domestic and Family Violence](http://www.police.nsw.gov.au/Domestic%20and%20Family%20Violence)

Para sa higit pang impormasyon sa Pagpigil ng Krimen, mangyaring bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au at piliin ang link ng pagpigil sa krimen.



NSW Police Force

Karahasan sa Tahanan at sa Pamilya

**Triple Zero (000)**

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalalagay ang buhay sa panganib.

**Police Assistance Line (131 444)**

Para sa mga hindi emerhensiya.

**Crime Stoppers (1800 333 000)**

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.